

Gaano ka-wasto ang colonoscopy?

Napakawasto ng colonoscopy at ito ang pinakamabisang paraan upang malaman ang dahilan ng iyong positibong resulta sa pagsusuri. Mayroon pa ring maliit na pagkakataon na magmintis habang ginagawa ang pagsusuri. Kahit na walang kanser o mga polyp na nakita, kailangan ka paring patuloy na magpa-iskrin (screening) at ang mahusay na paraan ay sa mga libreng kit ng pagsusuri mula sa Programa ng Pambansang Pag-iiskrin ng Kanser sa Bituka (National Bowel Cancer Screening Program).

Mayroon bang anumang mga peligro o masamang epekto?

Maaaring mayroong ilang masamang mga epekto, ngunit iyon ay hindi pangkaraniwan. Baka magkaroon ka ng pananakit ng ulo o pagsusuka galing sa painom para sa bituka (bowel preparation) o may pagdurugo pagkaraang maisagawa ang colonoscopy. Maaaring magkaroon ka ng reaksiyon sa gamot pampakalma (sedation) ngunit ito ay sa may napakaliit na pagkakataon lamang. Napakabihira, pero mayroon ding ilan na kailangang bumalik sa ospital.

Kinakailangang makausap mo ang iyong doktor tungkol sa mga peligrong ito bago ka mag-colonoscopy.

Ano ang aking mga mapagpipilian?

Makakapili kang gawin ang iyong colonoscopy sa isang pribado o pampublikong ospital o klinika. Kung pampublikong pasilidad, ito ay walang bayad. Kung ito ay isang pribadong pasilidad, maaaring may babayaran ka, depende sa iyong pribadong pasesguro sa kalusugan (private health insurance). Maaaring babayaran mo din ang 'bowel preparation'.

Sino ang maaari kong matawagan kung mayroon akong anumang itatanong?

Pakitandaan na itong polyeto ay inilaan para maging gabay at ang iyong doktor ang dapat magbibigay sa iyo ng karagdagang impormasyon.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-usap sa iyong doktor bago gawin ang iyong colonoscopy.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa programa ay matatagpuan sa:

www.cancerscreening.gov.au/bowel



**NATIONAL
BOWELCANCER**
SCREENING PROGRAM

Polyeto ng Impormasyon sa Colonoscopy

www.cancerscreening.gov.au



Para sa impormasyon sa iyong wika,
tawagan ang Serbisyo sa Pag-iinterpretar at
Pagsasalinwika (Translating and Interpreting
Service): 13 14 50 o bisitahin ang
www.cancerscreening.gov.au/translation

Ikaw ay nagpasuri sa pagpa-iskrin ng iyong bituka kamakailan lang kung saan may nakitang dugo sa iyong dumi (poo). Maraming posibleng kadahilanan kung bakit may dugong nakita at ang mas karamihan ay walang kinalaman sa kanser (mababa pa sa 5%), ngunit mahalagang alamin kung ano ang dahilan nito. Mangyaring magpagawa ng appointment para mapag-usapan ninyo ng iyong doktor ang mga resulta. Maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng pangalawang pagsusuri, kalimitan ay ang isang colonoscopy.

Ano ang colonoscopy?

- Kasangkot sa colonoscopy ay isang ‘colonoscope’ (pangsilip -‘scope’) – isang makipot na tubo (tube) na may ‘video camera’ sa pinakadulo (tip) – na idadaan sa iyong pwerta (anus/bottom) patungo sa iyong bituka.
- Ito ang pinakamahusay na paraan upang masuri ang dahilan ng pagdurugo at pagtanggap ng mga ‘polyp’.
- Ang ‘polyp’ ay isang maliit na tumubong bagay sa dingding ng bituka. Ang mga ito ay pangkaraniwan sa mga adulto at karaniwang di-makakasama (harmless), ngunit ang iba ay nagiging kanser.
- Ang pagtanggap ng mga ‘polyp’ ay makakatulong sa paghadlang ng kanser. Kung may makitang mga ‘polyp’ ang doktor habang nag-oopera, kalimitang tinatanggal nila ang mga ito.
- Maaari ring kumuha ang doktor ng maliit na sampol (sample) ng bituka para masuri nila ito sa mikroskopyo kung may mga palatandaan ng sakit.
- Wala kang mararamdaman kung ang ‘polyp’ o ‘sample’ ay inalis.

Paano ko paghahandaan ang colonoscopy?

Kung mayroon kang anumang mga problema sa kalusugan o regular na iniinom na gamot, makipag-usap sa iyong doktor bago pa inumin ang iyong ‘bowel preparation’. Maaaring sabihin nila sa inyong itigil muna nang ilang araw ang pag-inom ng ilan sa mga gamot bago gawin ang iyong colonoscopy.

Kasangkot sa paghahanda ng iyong bituka ang:

1. Diyeta – sasabihin ng iyong doktor kung ano ang maaari o hindi maaaring kainin sa mga araw bago pa mag-colonoscopy.
2. Gamot – bibigyan ka ng isang ‘bowel preparation kit’ na may mga tagubilin kung paano ito gagamitin. linom ka din ng gamot kung saan magiging malimit ang iyong pagpunta sa toilet para dumumi.
3. Mga inuming likido (fluids) – magbibigay ang iyong doktor ng mga tagubilin para ang katawan mo ay manatiling may sapat na tubig.

Paano ginagawa ang colonoscopy?

Una, bibigyan iyo ng magaan na pampakalma na magbibigay sa yo ng komportableng pakiramdam at pagka-antok. Maaring ikaw pa ay makatulog. Habang ikaw ay nakahiga, dahan-dahang ipapasok ng doktor ang isang naiuunat na ‘scope’ sa butas ng iyong puwerta papunta sa iyong bituka. May maliit na kamera ang dulo ng ‘scope’ na magagawang tingnan ng doktor ang dingding ng iyong bituka.

Ang pag-opera (procedure) ay aabot ng mga 20 hanggang 45 minuto.

Anong mangyayari pagkatapos ng colonoscopy?

Pagkatapos ng ‘procedure’, bibigyan ka ng makakain at maininom. Pagka-malay mo, makakaramam ka ng kaunting pamamaga na tatagal nang mga isang oras. Napakabihirang mangyari na iihing ka ng kaunting dugo, ngunit ito ay normal.

Pangkaraniwang makakauwi ka sa araw ding iyon ng ‘procedure’.

Dahil sa gamot pampakalma, huwag ka munang gagawa ng anumang mga bagay na ito sa susunod na 24 oras matapos ang iyong colonoscopy:

- Magmaneho ng sasakyan;
- Magbiyaheng mag-isa;
- Gumamit ng makinarya;
- Pumirma ng mga papeles; o
- Uminom ng alak.

Ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya ang dapat maghatid sa iyo pauwi at samahan ka pagkatapos ng iyong colonoscopy. Dapat na maginhawa na ang iyong pakiramdam kinabukasan.